# MGA DAPAT ALAMIN SA PANAHON NA KINAKAILANGAN LUMIKAS

**Sa mga hindi inaasahang pagkakataon, ang isang indibidwal o pamilya ay kinakailangang lisanin ang kanilang mga tahanan at pumunta sa alinman mga sumusunod na Evacuation Center:**

1. Guiguinto Municipal ang Cultural Center (GMACC) Brgy. Poblacion, Guiguinto Bulacan.

**Sa panahong kayo ay nasa evacuation center, at upang mapanga-lagaan ng husto at siguraduhing magiging maayos ang inyong pananatili dito, makabubuting sundin ang mga sumusunod na gabay:**

## MGA GABAY SA PANAHON NG PAGLIKAS

1. Pagdating sa Evacuation Center, Siguraduhing nanakapag palista ng pangalan, at iba pang mahahalagang impormasyon sa registration area.

2. i check ang temperatura
Kapag ang temperatura ay mataas o may kahit ano mang sintomas ng COVID 19, ang indibidwal ay oobserbahan at pananatilihin muna sa isolation area. kinakailangan na mag sagawa ng antigen test ang indibidwal na may sintomas ng COVID 19 at sila ay ililipat sa bahay malasakit. Ang isasagawang Antigen Test ay maisasagawa kinabukasan pagkatapos makompirma ang indibidwal na may sintomas.

3. Mag fill up ng Form No. MSWD-08. Ang mga tauhan ng MSWDO ang siyang mag ga-guide sa inyong lugar na pananatilihan.

4. Kung kayo ay may mga kasambahay na nais makontak, gaya ng naiwan sa inyong tahanan, siguraduhing ipagbigay alam sa information help desk ng MDRRMO na matatagpuan sa mga Evacuation Center na inyong kinalalagyan.

5. Alamin kung saan matatagpuan ang mga sumusunod na lugar sa loob ng evacuation centers:

a) Breast Feeding Station- (lugar sa mga nagpapasusong ina)
b) Comfort Rooms (CR's)- (hiwalay ang lalaki, babae at mga may kapansanan)
c) Child Friendly Learning Space- (Espasyo para sa gawain ng mga bata)
d) Wash Area- (hugasan ng plato at iba pang kasangkapan sa pag luluto at pagkain)
e) Laundry Area- (labahan)
f) Information Help Desk- (Sumbungan ng Bayan)
g) Foor, Relief, and Service Station- (para sa distribusyon/pamamahagi ng pagkain at kagamitan
h) Medical Station- (para sa mga serbisyong medical)
i) Couple's Room- (lugar para sa mag asawa)
j) Waste Disposable System- (Kolektahan ng Basura
k) Kitchen Area- (Kusina)
l) Storage Area- (Lugar ng imbakan nag pagkain at iba pang kagamitan)
m) Prayer Room- Lugar dasalan
n) Camp Management Dept/Office

## MGA ILANG PAALALA

1. Bago pa man ang panahon ng kalamidad, siguraduhing ang bawat isang pamilya ninyo ay nakarehistro sa inyong Barangay. Kung hindi posible, kahit na ang Head of the Family ay nakadeklara ang bilang o dami ng inyong pamilya.
2. Manatiling kalmado, huwag ipagsa-walang bahala ang mga balita mula sa T.V., radio at maging sa lokal na pamahalaang Barangay.
3. Kung kinakailangang lumikas at walang mga masasakyan dahil sa kalamidad patungo sa Evacuation Center, maaaring pumunta sa inyong barangay hall para makipag ugnayan sa ating MDRRMO upang maasistehan at masundo kayo gamit ang mga rescue vehicle o rescue truck..
4. Sa lahat ng panahon ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office- Guiguinto, kasama ang mga volunteers ng SUGOD Rescue Team ay nananatiling nakamasid, nakaagapay at handang tumulong sa anumang oras. maaari po ninyong tawagan ang mga sumusunod na numero para sa mga karagdagang kaalaman at impormasyon.
5. Panatilihin ang pag susuot ng facemask at pag sosocial distancing.

KAAGAPAY SA BUHAY

SGCC

0968-854-7593

ATTY. AGAY CRUZ

